PEOPLE'S MARCH
People's Movement Against Charter Change

5 Dahilan Bakit Natin Tinututulan ang Charter Change ni Gloria

1. **Isang maniobra ang charter change upang makapanatili si Gloria Macapagal Arroyo sa kapangyarihan. Isinasantabi ang mga tanong hinggil sa pagiging lehitimo at gagawing ligal ang kanyang termino hanggang 2010 o lagpas pa.**

2. **Maaaring gamitin ang charter change upang buhayin ang bangungot ng martial law.**

    a. Tatanggalin ang probisyon na nagtatakda na 60 araw lamang maaaring ipatupad ang martial law at suspensyon ng writ.
    b. Hindi na maaaring bawiin ng Kongreso ang pagdedeklara ng martial law.
    c. Hindi na rin maaaring repasuhin at pag-aralan ng Korte Suprema ang mga batayan sa pagdedeklara ng martial law.
    d. Magkakaroon ng mga bagong batayang malabo at maaaring abusuhin sa pagdedeklara ng martial law.
    e. Pahihintulutan ang pagbubuo at pagkakaroon ng mga pribadong hukbo at paramilitary.
    f. Sa ilalim ng transitory provisions, gagawaran si Gng. Arroyo ng dagdag na kapangyarihan upang buwagin ang Parlyamento.

3. **Magbubukas ang charter change sa ibayo pang pagsasamantala ng mga multinational corporations sa ating bansa at mabibigyan sila ng mga dagdag na karapatan na dati'y eksklusibong nakalaan para sa mamamayan.**

    a. Bibigyan ang mga dayuhan ng karapatang mag may-ari ng mga lupaing *residential, commercial* at *industrial*.
    b. Bibigyang laya ang mga dayuhang korporasyong dambungin ang mga likas na yaman ng bansa.
    c. Pahihintulutan ang mga dayuhang korporasyong kontrolin at magpatakbo ng mga *public utilities* tulad ng tubig, elektrisidad at telekomunikasyon.

4. **Higit na pahihinain ng Cha-Cha ang pambansang identidad at kultura dahil ibubukas sa dayuhan maging ang mass media, edukasyon at advertising firms.**

5. **Yuyurakan ng Cha-Cha ang pambansang soberanya at teritoryal na integridad.**
    a. Ibabalik ang mga base militar ng dayuhan.
    b. Walang limitasyon sa pagpasok ng dayuhang tropa at kanilang armas-pandigma.
    c. Mas magiging madali ang pag-aapruba ng mga 'di pantay na kasunduang panlabas.

PANGALAN **TIRAHAN** **PIRMA**

_____

_____

_____

_____